TOMO 11 BILANG 8 | ISSN NO. 2599-5405 | AGOSTO 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI


Kwentong Tagumpay
Page 2

BUKAS para sa LAHAT
CaMIA LIKHA FDSAP Astro
Page 3


FROM THE MARGINS
Dr. Jaime Aristotle B. Alip
CARD MRI Founder and Chairman Emeritus
Page 4




## CARD MRI, INILUNSAD ANG BENTE PRODUCTIONS PARA SUPORTAHAN ANG MGA KOMUNIDAD SA PAMAMAGITAN NG PELIKULA

ni Edrian Banania

Inilunsad ng CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ang Bente Productions, isang *media production company* na naglalayong bumuo ng mga makabuluhang kwento at mahahalagang impormasyon sa pamamagitan ng mga pelikula at serye, upang itaguyod ang pag-unlad ng komunidad.

Itinatag noong Hulyo 19, 2024, layunin ng Bente Productions na maabot ang mas maraming komunidad, magbigay ng impormasyon, maghatid

P2

KWENTONG TAGUMPAY

## LANDAS TUNGO SA MAGANDANG KINABUKASAN

ni Edrian Banania



*Para kay Aisa Talipon, isang kliyente ng CARD, Inc. at ng Paglambo project, mahalaga ang dedikasyon at ang suporta ng CARD sa pag-abot niya sa tagumpay sa kanyang negosyo.*

Si Aisa Talipon mula sa Cotabato City ay nagtagumpay sa pagpapatakbo ng isang tindahan ng isda dahil sa kanyang dedikasyon at tamang katuwang sa negosyo. Ito ang naging daan upang mapaunlad niya ang mas magandang kinabukasan para sa kanyang pamilya.

Noong 1987, nagsimula si Aisa

P2



# CMDI, PINARANGALAN NG "HONORARY DEAN" ANG PRESIDENT COMMISSIONER NG FDS INDONESIA

ni Josephine Ramos

*Nagsilbing pangunahing pandangal si Pak Otto Toto Sugiri, President Commissioner ng Fortress Data Services (FDS) mula sa Indonesia, sa pagtatapos ng 179 estudyante mula sa CMDI Bay Campus. Ang mga nagtapos ay nagkamit ng mga degree sa Bachelor of Science in Entrepreneurship with Specialization in Microfinance (BSE), Bachelor of Science in Accountancy (BSA), Bachelor of Science in Accounting Information System (BSAIS), at Bachelor of Science in Information System (BSIS).*

Pinarangalan ng CARD-MRI Development Institute (CMDI) si Pak Otto Toto Sugiri, ang President Commissioner ng Fortress Data Services (FDS) Indonesia bilang "Honorary Dean" sa of the Information and Communications Technology sa ika-anim na Commencement Exercise nito sa CMDI Gymnasium sa Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong Hulyo 26, 2024.

Ang pagkilalang ito ay kanyang natanggap dahil sa kanyang mahahalagang kontribusyon hindi lamang sa Indonesia kundi sa buong mundo bilang isang lider at guro na nagsusulong ng makabagong teknolohiya.

Nagsimula si Pak Toto bilang IT General Manager sa Bank Bali noong 1983. Itinatag din niya ang PT Sigma Cipta Caraka noong 1989 at PT Indointernet Tbk noong 1994. Mula naman 2012 hanggang 2016, naging President Commissioner siya ng PT DCI Indonesia Tbk, at mula 2016 hanggang ngayon, siya ang President Director nito. Bukod dito, siya rin ay *mentor* para sa mga bagong *technopreneurs* sa Indonesia, na nagpapakita ng kanyang malalim na karanasan sa IT.

Nagsilbi ring Panauhing Pandangal si Pak Toto bilang sa Bay Campus, kung saan ibinahagi niya sa mga nagsipagtapos ang tatlong aral na kanyang natutuhan: una ay maging mabuting tao at bigyan ng halaga ang mga taong nasa paligid mo upang makapagbigay ng magandang pagbabago; ikalawa, yakapin ang mga kabiguan at hamon upang lumago at matuto; at ikatlo, mangarap at mag-isip nang malawak at huwag manatili sa pwede na.

Ayon kay CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang pagbibigay ng karangalang ito ay Pak Toto ay napapanahon dahil sa napakalawak na suportang binigay nito sa CARD MRI. "Sa pakikipag-ugnayan ng

P2

KOA-PINYON:

Negosyo ang isa sa paraan upang umunlad ang ating pamumuhay kung kaya't hangga't bata ay matuto at magtayo ng sariling negosyo maliit man o malaki. Walang imposible sa may pangarap!



# CMDI, ISINAGAWA ANG ... P1

CARD MRI sa FDS Indonesia ay nagbigay tulay para sa mga makabagong teknolohiya na ngayon ay nararanasan ng ating mga kawani at kasapi. Naniniwala ako na ang buhay at karera ni Pak Toto ay magsisilbing inspirasyon sa mga nagsipagtapos upang lumikha ng kinabukasang puno ng pag-asa at makabagong ideya," wika niya.

May kabuuang 343 estudyante mula sa dalawang *campus* ang nakapagtapos at nakakuha ng kanilang *degree* sa kolehiyo. Ang pagtatapos na may temang "Fulfilling Dreams For Stronger Future" ay ginanap sa Tagum City Historical and Cultural Center noong Hulyo 23, 2024, para sa Tagum Campus, at sa CMDI Gymnasium sa Brgy. Tranca, Bay, Laguna noong Hulyo 26, 2024, para sa CMDI Bay Campus.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CMDI, kanilang mga *academic courses* at *training programs*, bisitahin ang kanilang *website* sa https://cmdi.edu.ph/.




## CARD MRI, INILUNSAD ANG ... P1

ng makabuluhang usapan, at suportahan ang mga hakbang laban sa kahirapan.

Bubuo ang Bente Productions ng mga dekalidad na *content* para sa *stakeholders* nito at makipagtutulungan sa mga lokal na talento sa *creative industry* gaya ng mga manunulat, direktor, aktor, at iba pang mga pausbong na propesyonal sa komunidad ng *microfinance*. Magiging plataporma rin ito para sa pagpapahusay ng kakayahan at pagkamalikhain ng komunidad dahil magbibigay ito ng akses sa isang studio na kumpleto sa kagamitan para sa paggawa ng pelikula.

Pinangalanan ang Bente Productions mula sa makasaysayang "Bente" o dalawampung piso na nagmarka sa pagsisimula ng CARD noong 1986. Sinasalamin nito ang pag-unlad at kakayahan ng institusyon sa pagtupad ng misyon nito.

"Simula pa lang, layunin kong maiangat at bigyan ng inspirasyon ang mga Pilipino. Ang pagtatayo ng *media production company* ay isang mahalagang hakbang sa layuning ito," ani CARD MRI Founder and Chair Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip. "Sa Bente Productions, nais naming ipakita ang mga kwento ng mga kliyente ng *microfinance* at katuwang na organisasyon, na nagbabahagi ng kanilang tapang at pagkamalikhain. Umaasa akong ang mga *content* na ito ay hindi lamang magbibigay aliw, kundi magdadala rin nang mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa mga talento sa ating komunidad, at magiging inspirasyon sa pag-unlad ng bansa."

Ang Bente Productions ay mula sa isang proyekto ng CARD MRI Publishing House na SineMaya: A Community Short Film Festival, na nagtatampok sa mga kwento ng komunidad sa pamamagitan ng *filmmaking*. Layunin ng Bente Productions na magbigay ng plataporma para sa mga mahuhusay na indibidwal at komunidad na ibahagi ang kanilang mga kwento sa pelikula.

Kasalukuyang binubuo ng Bente Productions ang isang *full-length feature film* na pinamagatang "I Remember You" na nakatakdang ipalabas sa mga sinehan ngayong Setyembre. Ang pelikulang ito ay magdadala ng mahusay na kwento sa mga manonood at magiging daan upang ipakita ang natatanging talento ng komunidad ng *microfinance*.

Tumatanggap pa rin ang *media company* ng *film proposals* para sa SineMaya 2024 mula sa mga *social development organization* sa Silangan at Timog-Silangang Asya.

"Naniniwala kami na ang mga makabuluhang kwento ay maghahatid ng pagbabago at suporta sa mga komunidad," ani Bente Productions President Marilyn Manila. "Layunin naming ipakita ang iba't ibang talento at gumawa ng mga pelikulang magbibigay-inspirasyon sa mga manonood sa buong mundo."

Inaanyayahan ang *aspiring filmmakers, artists,* at *storytellers* na lumahok sa paggawa ng makabuluhang pelikula. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga proyekto at detalye ng pagsumite para sa SineMaya 2024, bisitahin ang kanilang opisyal na Facebook page sa @BenteProdOfficial.

# KWENTONG TAGUMPAY

## TAPANG SA PANAHON NG PAGSUBOK

*ni Josephine Ramos*



*Dahil nanatiling matatag at matapang si Ma. Ruby Bullag at ang kanyang asawa na si Rino Bullag sa harap ng mga pagsubok, naging matagumpay sila sa industriya ng pagnenegosyo kaakibat ang suporta mula sa CARD Bank, Inc.*

Ang mga hamon sa buhay ay maaaring magpatibay o magpahina ng loob. Sa kabila ng maraming pagsubok, si Ma. Ruby Bullag ay nanatiling matatag at matapang.

Mula sa Negros Occidental at panganay sa walong magkakapatid, si Ruby ay nakipagsapalaran sa Iloilo City upang maghanap ng trabaho. Nagsimula siya bilang isang *bagger* ng isang tindahan at kalaunan ay naging *saleslady* ng isang *boutique*. Ngunit nang lumipat ng lugar ang kanyang pinagtatrabahuan sa Boracay Island ay agad din siyang lumipat dito.

Pagkalipas ng isang taon, ikinasal siya kay Rino Bullag, isang empleyado sa isang hotel sa Boracay. Bagama't mayroon ng regular na kita ang kanyang asawa, hindi pa rin ito sapat para sa kanilang mga pangangailangan kaya nagsimula siyang magtinda ng siopao at pancit molo. Kasabay nito, itinayo rin niya ang isang *sari-sari store* upang magkaroon ng karagdagang kita.

Dahil sa kanyang tindahan, nakilala ni Ruby ang CARD Bank, Inc., isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI, taong 2010. Ayon sa kanya, hindi niya makalilimutan ang kanyang naging unang PHP 5,000 *loan* dito noong Oktubre 27, 2010, dahil nasunog ito kasama ng kanilang bahay at mga gamit dahil sa isang sunog sa kanilang lugar.

Walang naiwan kay Ruby maliban sa kanyang tapang at determinasyon upang muling magsimula. Sa kanyang pananampalataya sa Diyos, may mga tao, kabilang ang mga taga-Boracay at ang CARD Bank, ang nagbigay sa kanila ng mga pangunahing pangangailangan upang makabangon.

Gamit ang tulong pinansyal mula sa mga mabubuting tao, bumili siya ng *steamer* para sa siopao at ipinagpatuloy ang kanyang negosyo. Dahil sa pagtaas ng benta at *demand* nito, gumagawa si Ruby ng 300 hanggang 400 siopao kada araw kaya't unti-unti silang nakabangon.

Sa kabila ng mga pagsubok, nanatiling matatag si Ruby, "Ang buhay ay patuloy na umiikot," aniya. "May mga oras na tayo ay magtatagumpay ngunit may mga pagkakataon ding maaari tayong panghinaan ng loob, pero naniniwala ako na palaging darating ang tamang panahon para sa ating tagumpay."

Dahil sa pagtitinda ni Ruby ng siopao, nakapagrenta sila ng bahay, muling nagtayo ng *sari-sari store*, at nagdagdag ng maliit na kantina. Agad namang nakilala ng marami ang kanyang kantina, kaya't nang umalis ang iba pang nangungupahan sa *apartment*, nagpasya siyang upahan ang buong *apartment* upang palawakin ang kanyang kainan dito.

P3

## LANDAS TUNGO SA ... P1

sa simpleng pagtitinda ng isda na unti-unting lumago at nagbigay ng matatag na kita sa kanyang pamilya. Dahil sa pangarap na mapaunlad ang kanilang buhay, nanatili siyang determinado sa harap ng mga pagsubok.

Nakilala rin niya ang CARD, Inc. (A Microfinance NGO) noong 2017 nang maging kliyente siya sa Paglambo, isang *financing program* na sumusunod sa Shari'ah na itinataguyod ng institusyon. Sa tulong nito, natanggap niya ang unang tulong pinansyal na PHP 20,000 na kanyang ginamit sa negosyo at pangangailangan ng pamilya.

Sa pitong taong pagiging kliyente, nagkaroon si Aisa ng pagkakataong mapaunlad ang kanyang negosyo at buhay ng kanyang pamilya gamit ang suporta mula sa programa. Sa tulong rin ng CARD, Inc., natugunan niya ang mga gastusin sa edukasyon ng kanyang mga anak sa pamamagitan ng *educational financing* nito.

Dahil dito, ang negosyo ni Aisa sa pagtitinda ng isda sa Mega Market, Cotabato City ay lumago mula *retail* hanggang *wholesale*, na nagbibigay serbisyo sa mga malakihang order mula sa kanyang mga tapat na mamimili, lalo na sa mga nagtitinda. Sa katunayan, ang kanyang puhunan mula sa Paglambo *financing* ay umabot na sa PHP 300,000, patunay ng kanyang mahusay na pangangasiwa sa negosyo at pinansyal.

Sa ngayon, nakilala na si Aisa sa merkado at kumikita ng humigit-kumulang PHP 70,000 kada araw mula sa kanyang sampung tindahan na nag-aalok ng iba't ibang uri ng isda mula sa kanyang mga pinagkakatiwalaang suplayer sa

P3

# ANNIVERSERBISYO

PAGGUNITA AT PASASALAMAT

## CaMIA
CARD MRI Insurance Agency

Ipinagdiwang ng CARD MRI Insurance Agency (CaMIA) ang ika-17 anibersaryo ng pagbibigay nito ng abot-kayang *insurance products* sa pamilyang Pilipino nitong Agosto 2, 2024.

Ang CaMIA ay itinatag noong 2007 bilang pagtugon sa pinsalang dulot ng Super Typhoon Reming sa Pilipinas. Layunin ng institusyon na protektahan ang pamilyang Pilipino mula sa malubhang epekto ng kalamidad at hindi inaasahang pangyayari sa pamamagitan ng kanilang *life* at *non-life insurance products*, kabilang ang Sagip Plan, Kabuklod Plan, Dakila Plan, at CARD Care.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa CaMIA, bisitahin ang kanilang *official website* sa www.cardmri.com/camia o sa kanilang *Facebook page* sa @CaMIA2007.

## CARD MRI Astro Laboratories

Ang CARD MRI Astro Laboratories ay nagdiwang ng kanilang ikalimang taong anibersaryo noong Agosto 6, 2024.

Mula nang maitatag noong 2019, sinusuportahan ng CARD Astro ang CARD MRI at mga kliyente nito sa pangangalaga ng kanilang kalinisan at kalusugan sa pamamagitan ng *disinfectant products* gaya ng *hand sanitizers, dishwashing solutions, alcohol,* at *dish soap*. Sa ngayon, nag-aalok na rin ito ng *cosmetics* at pabango.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga produkto at serbisyo ng CARD Astro, bisitahin ang kanilang *Facebook page* sa @CARDAstroLab.

## LIKHA Ni Inay

Ipinagdiwang ng Mga Likha ni Inay ang ika-10 taon nito sa pagtataguyod at pagtulong sa mga *microentrepreneurs* ng CARD MRI sa buong bansa noong Agosto 14, 2024.

Nilalayon ng Mga Likha ni Inay na palakasin at makilala ang kakayahan at produkto ng mga lokal na manlililok, mananahi, manghahabi, at iba pang manlilikha nang mahuhusay na produkto sa bansa. Nakatuon ito sa pagtatayo ng *sustainable marketing outlet* na tutugon sa pangangailangan ng mga *microentrepreneur* sa pagpapaunlad, pagpapalawak, at pagpapakilala ng kanilang mga negosyo. Maliban sa kanilang dekalidad na mga produkto, nais nitong ipakilala ang kanilang husay upang ipaalam sa publiko na mahalaga ang pagtangkilik sa sariling atin.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang kanilang *website* sa https://www.cardmri.com/mlni/ o ang kanilang *Facebook page* na @MgaLikhaNiInayOfficial.

## FDSAP
FDS Asya Philippines Inc.

Ipinagdiwang ng FDS ASYA PHILIPPINES INC., isang *IT company* sa ilalim ng CARD MRI, ang kanilang ikawalong anibersaryo ng pagbibigay ng *digital* at *technological services* noong Agosto 16, 2024.

Layunin ng FDSAP na suportahan ang CARD MRI at iba pang *social development organizations* sa kanilang paglalakbay sa digitalisasyon upang mapabuti at mapabilis ang serbisyo at pagsulong nito sa *financial inclusion* sa bansa. Sa pamamagitan ng mga *digital technologies* sa *banking operations*, *sustainable financial practices*, at mga makabagong solusyon sa pagbabangko, tumutulong ang FDSAP sa paglago ng industriya at sa pagpapabuti ng buhay ng mga komunidad sa bansa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa FDSAP, bisitahin ang kanilang *Facebook page* sa @FDSAsyaPhilippines.

# BUKAS para sa LAHAT

## BAGONG PARMASYA NG BOTICARD SA DOLORES, QUEZON, BINUKSAN

*ni Harlene Joy Reyes*

Lumipat ng bagong lokasyon ang BotiCARD sa bago nitong parmasya upang mag-abot ng abot-kaya at de-kalidad na mga gamot sa komunidad ng Dolores, Quezon noong Hulyo 15, 2024.

Ang BotiCARD ay isang parmasya sa ilalim ng CARD MRI na naglalayong makapaghatid ng abot-kaya at dekalidad na mga produkto at serbisyong pangkalusugan. Sa pagbubukas ng bagong sangay nito, naghatid ito sa komunidad ng hanggang 28% diskwento sa piling mga gamot, libreng *medical consultation, dental check-up* at *extraction*, at *BP monitoring*.

Matatagpuan ang bagong sangay nito sa Marquez St., Brgy. Bagong Anyo, Dolores, Quezon. Para sa iba pang detalye at para makabili ng gamot *online*, bisitahin ang kanilang *website* sa www.boticard.com o bisitahin ang kanilang *Facebook page* sa @boticardOfficial.

## TAPANG SA PANAHON ... P2

Kalaunan, nagtayo naman sila ng isang gusali na may tatlong palapag, kung saan ang una at ikalawang palapag ay ginawa nilang *restaurant* na bukas sa loob ng 24 oras, habang ang ikatlong palapag naman ay ang kanilang naging tahanan.

Nang matapos ang kontrata sa kanilang inuupahang *apartment*, nagdesisyon silang itigil na rin ang pagpapatakbo ng kantina at nagbigay ng buong atensyon sa kanilang restoran.

Gayunpaman, sinubok ng pandemya noong 2020 ang pag-unlad ng kanilang negosyo, dahilan upang magbawas sila ng mga empleyado at limitahan ang kanilang operasyon noong panahong iyon.

Sa pagbalik ng komunidad sa normal, patuloy nilang pinalawak ang kanilang negosyo sa pamamagitan ng pag-aalok ng *catering services.* Bagamat hindi madali ang kanilang pinagdaanan sa pagpapanatili ng pag-unlad ng kanilang negosyo, lubos na nagpapasalamat si Ruby sa CARD Bank dahil sa suporta nito na isa sa mga dahilan kung bakit sila narito ngayon. Sa katunayan, mayroon silang kasalukuyang *loan* na PHP 300,000 sa bangko na ginagamit para sa kanilang restoran.

Bagamat sila ay patuloy pa ring nangungupahan, umaasa siya na sa tulong ng kanyang negosyo, magagawa nilang bilhin ang lupa at ituring itong kanila sa darating na panahon.

## LANDAS TUNGO SA ... P2

General Santos City at Digos, Davao del Norte.

Dahil sa tagumpay ng kanyang negosyo, napaayos ni Aisa ang kanilang tahanan, nakabili ng sasakyan para sa negosyo at pamilya, at nagbukas ng iba't ibang *savings account* para sa paghahanda sa kanilang hinaharap. Samantala, tatlo sa kanyang mga anak ang sumunod sa kanyang yapak at ngayon ay matagumpay na rin sa pagpapatakbo ng mga palaisdaan.

Upang mapalawak ang *financial inclusion* sa bansa, nagkaloob ang CARD, Inc. ng lisensya para magbigay ng mga serbisyong pinansyal na naaayon sa batas Islamiko sa pamamagitan ng kanilang Paglambo *project*.

Sa pagbibigay ng serbisyong pinansyal ng Paglambo *project* sa komunidad ng Muslim, naging positibo ang epekto nito sa buhay ni Aisa. Pinatatag nito ang kanyang kakayahan sa pagpapanatili ng kanyang negosyo at paghahanda sa kinabukasan ng kanyang mga anak, na nagbibigay solusyon sa mga hamon ng kahirapan at nagbubukas ng mga bagong oportunidad para sa mga darating na henerasyon.

Ang kwento ng paglalakbay ni Aisa patungo sa matatag at matagumpay na buhay ay nagpapaalala sa atin na, "sa pamamagitan ng dedikasyon at suporta mula sa tamang katuwang sa negosyo tulad ng CARD, magagawa nating buuin ang isang kinabukasan kung saan lahat ay may pagkakataong umunlad at magtagumpay," sabi niya.

SULONG
ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Jeffrey C. Tandingan
Roxanne Faye O. Aruta
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers




# CROSSWORD PUZZLE


Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 8 at manalo ng **PHP 100.00** load via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle na ito.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc,** kasama ng inyong buong pangalan, pangalan ng CARD center (kung mayroon), CARD institution, at cellphone number.

Pipili tayo via e-raffle ng sampung (10) entries na may tamang sagot hanggang **September 30, 2024** at sila ang makatatanggap ng papremyo.

Sali na!



**Pababa:**

**1.** Layunin ng FDSAP na suportahan ang CARD MRI at iba pang social development organizations sa kanilang paglalakbay sa _____________ upang mapabuti at mapabilis ang serbisyo at pagsulong nito sa financial inclusion sa bansa.
**2.** Inilunsad ng CARD MRI ang _____ Productions, isang media production company na naglalayong bumuo ng mga makabuluhang kwento at mahahalagang impormasyon sa pamamagitan ng mga pelikula at serye.
**6.** Ito ay isang financing program ng CARD, Inc. (A Microfinance NGO) na sumusunod sa Shari'ah at naglalayong magbigay ng serbisyong pinansyal para sa komunidad ng Muslim.
**9.** Anong bayan sa Quezon Province binuksan ng BotiCARD ang bagong parmasya nito noong Hulyo 15, 2024?

**Pahalang:**

**3.** Ito ay ang paaralan ng CARD MRI na matatagpuan sa Bay at San Pablo sa Laguna at Tagum City sa Davao del Norte. Layunin nitong magbigay ng mataas na kalidad na edukasyon upang suportahan ang misyon nitong wakasan ang kahirapan sa bansa.
**4.** Ipinagdiwang ng Mga Likha ni Inay ang kanilang ika-10 taon sa pagtataguyod at pagtulong sa ___________ ng CARD MRI sa buong bansa.
**5.** Ito ay isang kilalang kakanin mula sa Leyte na gawa sa cassava at taro, na naging negosyo ni Virginia Orollo mula sa Lourdes, Pastrana, Leyte.
**7.** Ito ang pangunahing produkto ng CaMIA na nagsisilbing "safety net" ng mga kliyente nito.
**8.** Ito ay isang parmasya sa ilalim ng CARD MRI na naglalayong makapaghatid ng abot-kaya at dekalidad na mga produkto at serbisyong pangkalusugan. Mula nang maitatag noong 2019, sinusuportahan ng CARD ______ ang CARD MRI at mga kliyente nito sa pangangalaga ng kanilang kalinisan at kalusugan.
**10** Ang CARD ______ ang nangangalaga ng kalinisan at kalusugan ng mga kliyente ng CARD MRI sa pamamagitan ng disinfectant products gaya ng hand sanitizers, dishwashing solutions, alcohol, at dish soap.

# KWENTUNAY

## *Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*



### PAGGAWA NG BINAGOL: HALINA'T ALAMIN ITO MULA KAY NANAY VIRGINIA!

Dahil sa pagbebenta ng lokal na gulay, *root crops* gaya ng *cassava*, at *homemade Filipino delicacies* ng pamilya ni Virginia Orollo mula sa Lourdes, Pastrana, Leyte, natutuhan niya ang paggawa ng "Binagol", isang kilalang pagkain mula sa Leyte na gawa sa *cassava* at *taro*. Mula pa noong 1980s, hinasa niya ang kasanayan sa paggawa ng Binagol at ngayon ay opisyal na nakarehistro at aprubado na ng Department of Trade and Industry sa pangalang "Virginia." Ang kanyang Binagol ay tampok din sa isa sa mga pasalubong *centers* sa Carigara, Leyte.

Mula kay Nanay Virginia, narito ang gabay sa paggawa ng Binagol:

**Mga sangkap at materyales na kailangan:**

- Niyog
- Tubig
- *Brown Sugar*
- *Vanilla Extract*
- *Margarine*
- *Cassava*
- *Taro* o Gabi
- *Condensed Milk*
- *Egg yolk*
- *Peanut*
- Kayuran o *Grinder*
- Kaldero
- Sandok
- Mangkok
- *Coconut Shell*
- Dahon ng Saging
- Tali (*Monaco*)

**Proseso ng paggawa:**

1. Kayurin ang niyog at pigain kasama ng tubig para makuha ang gata.
2. Upang gumawa ng latik, ilagay ang gata sa malaking kaldero at pakuluan habang hinahalo gamit ang sandok.
3. Habang ito ay pinapakuluan, maglagay ng *brown sugar*, *vanilla extract,* at *margarine* hanggang sa ito ay lumapot.
4. Kapag ito ay malapot na, patayin ang apoy at hayang lumamig.
5. Balatan at linisin ang *cassava* at *taro*.
6. Gilingin o kayurin ang *cassava* at *taro* gamit ang *grinder* o kayuran. Ilagay ito sa isang mangkok.
7. Idagdag ang *condensed milk, margarine* at *egg yolk* sa giniling na *cassava* at *taro*. Haluin itong maigi.
8. Maghanda ng *coconut shell* at lagyan ng dahon ng saging ang loob nito.
9. Ilagay ang pinaghalong *cassava* at *taro* sa inihandang *coconut shell*. Siguraduhing ikalat ito upang matakpan ang loob ng *coconut shell*.
10. Ilagay ang mani at ang latik o *coconut sauce* sa ibabaw ng pinaghalong *cassava* at *taro* sa loob ng *coconut shell*.
11. Maglagay sa ibabaw nito ng latik o *coconut sauce* ng pinaghalong *cassava* at *taro* hanggang sa matakpan ang buong ibabaw nito.
12. Ibalot ito sa dahon ng saging at talian gamit ang *monaco* ng paikot ang buong *coconut shell* upang hindi bumukas ang dahon ng saging. Tiyakin na matatakpan ang buong ibabaw nito.
13. Matapos talian, ilagay ito sa kaldero at lagyan ng tubig upang pakuluan.
14. Lutuin ito sa apoy sa loob ng walong oras. Magsisimula ang bilang ng oras sa unang pagkulo nito.
15. 15. Hanguin ito at palamigin bago ihain.

Ihanda na ang iyong sarili para tikman ang tamis at sarap ng tradisyunal na pagkaing Pilipino! Mas masarap itong tikman lalo na kapag kasama ang pamilya at mga kaibigan. Kaya ano pang hinihintay mo? Gawin na ang Binagol at lasapin ang kakaibang sarap nito!

# SULONG COMICS

